THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION
www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA


#541 MAY 16-31, 2025 ISSUE
FlipzMedia
PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO







## APPLY TODAY - WORK TOMORROW!




We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

**EXTRA PERSONNEL**
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
**2140 Kipling Avenue Unit 5**
**Toronto, ONT M9W 4K5.**

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
**Alvin Rota**
416-740-3959

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

## Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# Tinanggihan ng ICC ang hiling ni Duterte na alisin ang 2 hukom sa pagdinig sa hurisdiksiyon sa kaso

***Ibinasura ng International Criminal Court (ICC) Pre-Trial Chamber ang apela ng kampo ni dating Pangulong Rodrigo Duterte na alisin ang dalawang hukom sa pagsasagawa ng desisyon tungkol sa hurisdiksiyon ng tribunal sa kinakaharap na reklamong crimes against humanity ng dating presidente.***



*"A judge's excusal from the exercise of a function may only be sought by the concerned judge directly before the Presidency, as opposed to disqualification for which the Prosecution or the person being investigated or prosecuted may submit a request before the Presidency. The possibility for that person to invite or request judges to seek excusal before the Presidency is thus not contemplated in the statutory texts,"* saad sa apat na pahinang desisyon na pirmado ni Presiding Judge Lulia Antonella Motoc.

"As stated by the Presidency, 'no preemptive request may be made by the parties that a judge request his or her excusal' and such course of action 'lacks procedural propriety',"" dagdag nito.

Inihain ng defense team ang apela noong May 1, at tinutulan naman ng prosekusyon noong May 5.

Hiniling ng kampo ni Duterte ang bahagyang pagliban nina Judge Reine Adélaïde Sophie Alapini-Gansou at Judge María del Socorro Flores Liera kaugnay sa isyu ng hurisdiksyon dahil sa "posibilidad ng pagkiling."

Ipinaliwanag ng depensa na maaaring magmula ito sa naunang paghatol ng mga nasabing hukom sa halos kaparehong isyu kaugnay ng sitwasyon sa Pilipinas.

Sina Motoc, Alapini-Gansou, at Flores Liera ang lumagda sa warrant of arrest laban kay Duterte.

Ayon sa mga abogado ni Duterte, ang mga kinakailangan para sa paggamit ng hurisdiksyon sa sitwasyon sa Pilipinas ay hindi natugunan noong pinahintulutan ng Pre-Trial Chamber ang pagbubukas ng imbestigasyon noong Setyembre 15, 2021.

"The Philippines' withdrawal from the Rome Statute became effective on 17 March 2019. When the former Prosecutor filed her request, and the Pre-trial Chamber issued its decision, more than two years later," giit ng depensa.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng ICC sa The Hague, Netherlands si Duterte.

Gaganapin sa darating na Setyembre 23 ang pagdinig sa kompirmasyon ng mga kaso.

Samantala, nagsumite si ICC Prosecutor Karim Khan ng 139 na ebidensiya na nakaayos sa apat na disclosure packages sa ICC Pre-Trial Chamber 1 noong Abril 30.

Nauna nang sinabi ni Khan na naghanda ang prosekusyon ng dalawang saksi, 16 na oras ng audio at video files, at halos 9,000 pahina ng mga dokumento para sa kumpirmasyon ng mga kaso.

— ***GMA Integrated News***

# Laban sa kahirapan ng Marcos admin, epektibo

**PILIPINAS**- Pinatunayan lamang na may naihahatid na pagbabago at pag-asenso ang administrasyong Marcos sa sambayanang Pilipino sa pagbaba ng kahirapan at food insecurity sa bansa.

Ito ang sinabi ni House Speaker Martin Romualdez bilang reaksiyon sa pinakahuling survey na nagpapakita ng pagbaba ng poverty at food insecurity sa bansa.

Ang April 2025 Tugon ng Masa Survey ng OCTA Research, bumaba sa 42% ang mga Pinoy na kinokonsidera ang kanilang pamilya bilang mahirap mula sa 50%.



**House Speaker Martin Romualdez**

Habang bumaba rin ang food poverty o mga hirap bumili ng pagkain, mula 49% ay naging 35% na kung susumahin ay 3.7 milyon ang nagsabing kaya na nilang bumili ng pagkain.

"The numbers tell a powerful story of progress. That's not just a statistic—it's a breakthrough in the fight against poverty. It's a signal that our programs are working, and the nation is moving forward," ayon kay Romualdez. " ***These are real and measurable gains. From livelihood assistance to food security, from cash transfers to job generation—this administration is delivering on its promise to uplift lives.*** " Abante News




# Pilipino na pintor napiling artist-in-residence sa Mackenzie Art Gallery sa Regina



*'I persevered,' sinabi ni Patrick Fernandez, na lumipat sa Regina 8 taon na ang nakalipas. Halos 20 taon na naging artist sa Pilipinas, bago nag-migrate sa Canada upang i-pursue ang isanb art career dito.*

**Confident si Patrick Fernandez na mailulunsad niya ang sarili sa isang bagong art career sa Canada nang unang dumating dito noong 2017**. Ang reyalidad naging mas komplikado para sa Pilipinong artist, ngunit ngayon siya ay mas malapit na ng isang hakbang sa katuparan ng kanyang mga pangarap, pinangalanan na pinakabagong artist-in-residence sa Mackenzie Art Gallery sa Regina, Saskatchewan.

For me, it's like the door opened and a window opened at the same time, aniya, habang ipinagdiriwang ang opening reception para sa kanyang exhibition sa gallery na pinalibutan ng mga kaibigan at tagasuporta.

Gumuguhit ng editorial cartoons si Fernandez at sinusuportahan ang sarili bilang isang studio artist sa Pilipinas bago lumipat sa Regina walong taon na ang nakalipas. Plano niyang ipagpatuloy ang kanyang art sa bagong bansa.

At first I thought it would be an easy road, aniya, dagdag pa niya nag-research siya ng mga gallery, museo at potential venues para ipakita ang kanyang art.

But then you come here to another country, it's a different game.

Napag-alaman niya na ang mahusay na mga artist na sa tingin niya ay magiging matagumpay sa Pilipinas ay sinusuportahan ang kanilang sarili sa pamamagitan ng ibang full-time na trabaho sa Canada.

Honestly, my first two years, I was like, 'I need to save up a bit and maybe go back and continue my art,' aniya. But then I had a kid, and then things changed. I stayed.

Nagdesisyon siya na ipagpatuloy ang full-time na trabaho, gawin ang kanyang art sa tabi.

I persevered, aniya. It came to a point that I don't care if I would be known here or or be recognized here, I just want to paint.

Sa kabutihang palad, ang kanyang art ay unti-unting nakilala. Isang curator sa Mackenzie Art Gallery ang nag-message para makita ang kanyang art at bumisita sa kanyang studio. Ang pagbisita na iyon nauwi sa pagpili kay Fernandez upang maging artist-in-residence sa loob ng isang taon.

Being able to showcase this work inspired by my culture is a big opportunity for me.


Ang kanyang opening exhibit dinala ang mga tao sa ilalim ng tubig, sinabi ni Fernandez na umaasa siya na dalhin ang mga tao sa isang paglalakbay sa pamamagitan ng mga alon. Ang bawat 12 hand-cut wood panels — isa para sa bawat buwan ng taon — ay naglalayong iparating ang isang salawikain mula sa Pilipinas na kakausap sa mga tao, nasa anuman silang yugto ng buhay.

It reminds you of the lessons, the life lessons that you need to have to get you equipped on the journey that you'll be taking.

Kapag nilapitan ang display isinisiwalat nito ang isang maliit na sikreto — isang itim na isda ang lumalangoy laban sa agos, habang ang ibang isda lumalangoy sa kabilang direksyon.

Ito ay isang simbolo na maaaring i-apply kay Fernandez mismo, na nagpursige sa harap ng mga pagsubok.

I'm still not on the stage where I wanted to be, Aniya. I'm still swimming. … I have a destination that I want to go to and I'll just ride the waves. ***RCI***



*Kasama sa display ni Patrick Fernandez ang 12 hand-cut panels, ang bawat isa ibinabahagi ang kasabihan na inaasahan niyang pupukaw sa isip.*

# WBC welterweight champ, kakalabanin umano ni Manny Pacquiao sa July 2025



searchGraphic.com

**Muli umanong aakyat sa ring ang 46-anyos na si Manny Pacquiao para harapin at tangkaing agawin kay Mario Barrios ang WBC welterweight belt sa July 19, 2025 sa Las Vegas, ayon sa source ng ESPN.**

Taong 2021 nang magretiro si Pacquiao na sumabak sa 72 laban kung saan 62 ang kaniyang naipanalo, walo ang talo, at dalawa ang tabla.

Nakatala na siya sa kasaysayan ng boksing bilang eight weight divisions champion mula sa flyweight hanggang super welterweight.

Dating senador si Pacquiao na tumakbong pangulo ng bansa noong 2022 elections pero bigong manalo.


Kandidato siyang muli bilang senador sa darating na May 12 mid-term elections.

Samantala, mayroon namang fight record ang 29-anyos na Amerikanong si Barrios na: 29-2-1 win-loss-draw.

Huling lumaban si Barrios noong nakaraang Nobyembre kontra kay Abel Ramos na nauwi sa draw o tabla. -- GMA


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Tinalikuran, tapos kinulong, pamilya ikatlong beses tinangkang pumasok sa Canada

**Si Aracely Serrano at ang kanyang dalawang anak na babae namalagi ng dalawang linggo sa isang holding cell sa Estados Unidos pagkatapos hindi papasukin ng Canada.**



***Aracely Serrano, kanan, kasama ang kanyang mga anak na sina Itzayana, 4, gitna, at Madelin, 14, tumawid sa Rainbow Bridge, tungo sa Niagara Falls, Ont., sa kanilang ikatlong pagtatangka na pumasok sa Canada.***

Orihinal na mula sa El Salvador, si Serrano at ang kanyang pamilya ay namumuhay na walang papel (undocumented) sa New Jersey nang magdesisyon na suungin ang panganib ng exposure at gumawa ng asylum claim sa Canada para takasan ang administrasyon ni U.S. President Donald Trump.

Narito ang update sa kanilang sitwasyon.

Isang background

Si Serrano ay may kapatid na lalaki sa Canada, isang exception na pinahihintulutan ang pamilya na mag-claim ng asylum.

Ngunit dahil sa paperwork inconsistencies, sila ay pinabalik sa Estados Unidos, kung saan sila ay kinulong sa loob ng dalawang linggo; pagkatapos bumalik sa Canada, para lang ma-reject at muli ay pinabalik sa Estados Unidos.

Ang asawa ni Serrano, si Marco Guardado, ay ipinadala sa isang immigration detention centre sa Batavia, N.Y., kung saan siya ay naghihintay ng deportation hearing, habang si Aracely at ang kanyang dalawang anak na babae ay nanatili sa isang shelter sa Buffalo, N.Y.

Ano ang bagong balita

Ang kapatid ni Serrano, si Israel, nahanap si Heather Neufeld, isang immigration lawyer na nakabase sa Ottawa.

Si Neufeld ay nag-file ng challenge sa Federal Court na baligtarin ang rejection ng Canada Border Services Agency sa pagtatangka ng pamilya Serrano na mag-file ng asylum claim.

Mula noon si Serrano ay pinahintulutan na pumasok sa Canada at gumawa ng claim.

Siya raw ay umaasa na ang kanyang pangatlong pagtatangka ay magiging matagumpay.

Sinisikap ni Neufeld ngayon na dalhin ang asawa ni Aracely sa Canada, para sila ay makapasok sa proseso bilang isang pamilya. ***RCI***



# Malacañang inismol hirit na impeachment vs PBBM

**PILIPINAS** - Minaliit lamang ng Malacañang ang inihaing impeachment complaint sa Kamara de Representantes laban kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

Sinabi ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro na karapatan ng sinuman na magsampa ng reklamo subalit sa kanyang pananaw ay walang pinaghuhugutan ang impeachment complaint ni dating National Youth Commission (NYC) chairperson Ronald Cardema at misis nitong si Marie.

Ikinasa ang impeachment complaint kaugnay ng pagpayag umano ni Pangulong Marcos na isuko si dating Pangulong Rodrigo Duterte sa International Criminal Court (ICC) sa The Hague, Netherlands upang harapin ang kasong crimes



***PBBM***

against humanity laban sa kanya.

"Karapatan nila kung nais nilang magsampa pero inuulit natin, ang complaint na ito sa ating pagtingin ay walang pinaghuhugutan," ani Castro.

Binigyang-diin ni Castro na ginagampanan lamang ng Pangulo ang kanyang tungkulin ng naaayon sa batas, kasama na ang commitment ng gobyerno sa Interpol.

Hindi aniya pansariling interes ang ginawang aksiyon ng gobyerno na ipinaaresto ang dating pangulo dahil akusado ito sa kasong crimes against humanity.

Samantala, ipinahayag ni Speaker Ferdinand Martin Romualdez na recess ngayon ang sesyon ng Kongreso kaya limitado lamang ang maaaring gawin ng Kamara sakaling isampa ang impeachment complaint laban kay Pangulong Marcos.

Pumunta sa Kamara ang mag-asawang Cardema noong Huwebes ng hapon upang maghain ng impeachment complaint. Subalit nabigo sila na isampa ang reklamo dahil wala si Secretary General Reginald Velasco sa kanyang opisina sa Kamara nang dumating ang mag-asawa.

Nang tanungin kaugnay ng timing ng paghahain ng impeachment complaint, sagot ni Romualdez, "Well, that's, I really don't know. I don't know what inspired them. But hayaan mo na lang sila."

Sinabi naman ni Cardema na babalik ito sa Martes upang ihain ang reklamo.

Ayon kay Cardema, ang pagpayag ng Pangulo na madala si Duterte sa The Hague upang harapin ang kanyang kasong crimes against humanity sa ICC ay paglabag sa Konstitusyon at maituturing na betrayal of public trust.

- ***Abante News***

# P500M kita ng POGO nasilat sa airport

**PILIPINAS** - Naharang ng mga awtoridad ang pagbiyahe ng tinatayang kalahating bilyong piso sa Mactan-Cebu International Airport noong Mayo 9 ng gabi.

Siyam na indibidwal na iba't iba ang nasyonalidad, at dalawang Pilipino ang kinuwestiyon ng mga awtoridad dahil sa bitbit na pitong bag na puno ng cash at tinatayang 70 kilo ang bawat isa.

Nang tanungin ang mga person of interest, ikinatuwiran nila panalo raw ito sa casino pero duda ang mga awtoridad na galing ito sa ilegal na Philippine Offshore Gaming Operator (POGO).

Ayon sa isang source, nahihirapan umano ngayon ang mga POGO operator na itago ang kinita sa operasyon matapos na ihinto ng mga casino operator ang tinatawag nilang



Over the Counter Services (OTC).

Ang hakbang ng mga casino operator ay bunsod ng natuklasan ng Philippine National Police (PNP) at Anti-Money Laundering Council (AMLC) na ang P200 milyong binayad ng pamilya ng bilyonaryong si Anson Que ay ipinadaan sa dalawang casino junket operator.

Kahit natumbok na ng PNP at AMLC ang dalawang junket operator, hindi pa rin nababawi ang perang binayad sa mga kidnapper.

Ang mga person of interest ay patungo sana sa Maynila nang maharang sila sa Cebu airport ***Abante News***

# DATOL ORDER



***Ulat ni Mon Datol***

## Pacquiao lalaban ulit kontra WBC champ sa July 2025? P20 kada kilong bigas ibinebenta na sa Metro Manila

Umalingawngaw sa Amerika kahapon ang balitang muling aakyat sa ring ang Pambansang Kamao ng Pilipinas na retirado ng ngayong si 46-anyos na si Manny Pacquiao para agawin sa kampeong si Mario Barrios ang WBC welterweight belt sa July 19, 2025 sa Las Vegas..

***Ayon yon sa source ng ESPN***

********

Nuong nakaraang linggo ay inihayag ni WBC President Mauricio Sulaiman na plantsado na umano ang bakbakang Pacquiao at Barrios sa Hulyo at dagdag pa ni Sulaiman na binigyan na ng basbas ng Nevada State Athletic Commission ang nai-isang 8-division kampeon sa mundo na muling lumaban sa kanilang estado, at...

***Gigil ng kumasa si WBC champ Mario "El Azteca" Barrios.***

********

Nauna ng inihayag ni MP Promotions President Sean Gibbons na posibleng matuloy ang bakbakan nina Pacquiao at Barrios na kanila ng pinupuntirya noong pang nagdaang taon para sa comeback at retirement fight. Pero kailangan lang na....

***Tapusin at manalo si Pacquiao sa Mayo 12 eleksyon.***

********

Inaabangan ng marami, lalo na ang milyones na tagahanga ng 'Pambansang Kamao' ang pagsuntok muli ni Pacman sa ibabaw ng lona na huling sumabak sa pro-ranks laban kay dating 147-pound champion Yordenis Ugas na umagaw sa kaniyang WBA korona noong Agosto 21, 2021 sa T-Mobile Arena sa Las Vegas, Nevada. Kaya ang tanong ng mga amuyong sa boksing, eh, sa edad 46...

***Me lakas pa ba tuhod at kamao ng kanilang idolo?***

********

SSi nasirang George Foreman (Died March 21, 2025) na naging pinakamantandang kampeon na heavyweight boxer ay 45-anyos na ng patulugin ang 26-anyos na si Michael Moorer nuong 1994, 10-taon matapos isabit ang gloves, at 48-anyos ng tuluyang mag-retiro sa boxing na me kartadang 76-panalo (68KO) at 5 talo lamang. So, pag nanalo kontra 26-anyos na si Barrios ay...

***Si Pacquiao ang magiging 'oldest welterweight champion.'***

********

Sa tingin ko ay matutuloy ang Pacquiao-Barrios WBC welterweight title fight sa T-Mobile Arena sa Las Vegas, Nevada kahit anong mangyari sa May 12 midterm election sa Pinas...

***Maging Senador man ulit o' dehins si MannyP.***

********

Kahit papano ay nagdasal at umasa ang Pinoy netizens na mapiling bagong Santo Papa ang ating si Cardinal Luis Antonio Tagle, at kahit hindi man napili, dama pa rin ang suporta ng mga Pinoy para kay Cardinal Tagle, na paniguradong ...

***Me ibang misyong ihahatag ni Lord Jesus Christ. Amen.***

********

Ang American Cardinal Robert Francis Prevost ang pinili ng College of Cardinals na ika-267th Supreme Pontiff kapalit ni Pope Francis na pumanaw noong April 21 sa edad 88, na ngayon ay kilala bilang Pope Leo XIV. Ani Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP), dapat igalang ang proseso ng eleksyon ng Santo Papa at iwasan ang anumang uri ng "pangangampanya."

***Sayang, walang Comelec sa Roma***

********

Tapos na botohan na ginanap nuong Lunes, Mayo 12, habang tinitipa ko pa itong kolum ko, at posibleng me resulta na, kahit partial Comelec result, sa 12 nangungunang senatorial candidates at mga lokal na opisyales mula gobernador hanggang konsehal ng bayan. Ang paniguradong tanong ng sambayanan...

***Anong survey firm kaya No.1 sa 'kinita sa takilya'?***

********

Ang gusto ko ring malaman ay KUNG ilan sa inindorso ng INC ang nanalo, mula sa Senador hanggang konsehal ng bayan, dahil laging 'pinapangaralan' ng INC tuwing eleksiyon na block voting ang ginagawa ng mga miyembro, meaning, kung sino gustong ipaboto ng kanilang pinuno ay kailangang iboto ng lahat ng mga ministro at miyembro ng kongregasyon.

***Kesehodang korap, 'mandarambong' o' sinungaling ang napili ng namumuno.***


********

Ang INC na pinamumuan ng Pamilya Manalo, ang alam kong nag-iisang ***religious ministry na block voting*** ang ginagawa tuwing eleksiyon at wala raw yatang sumusuway sa...

***'Atas ng Hari na di dapat mabali.' Sori Po, pero, di naman sila mga 'robot?'***

********

Gusto ko ring malaman kung gaano karaming boto nakuha nina Sen. Imee Marcos, Rep. Camille Villar, Rep. Rodante Marcoleta na inidorso nga ng INC, lalo si


WORLD
WBC
CHAMPION
Pacquiao, Barrios in talks for
WBC WELTERWEIGHT TITLE FIGHT
@MikeCoppinger
BREAKING NEWS BREAKING NEWS BREAKING NEWS BREAKING NEWS

Apollo C. Quiboloy na meron daw mahigit 6-Milyong members ang kaniyang KOJC ministry.

***'Kakagigil' talaga malaman resulta ng halalan sa Pinas.***

********

Inaabangan din ng buong bansa ang resulta ng eleksyon sa Davao City na kung saan dumikit, daw, ang magkapatid na Nograles, Karlo at Migs, sa kanilang mga kalabang RRDU30 (Mayor) at Rep. Pulong Duterte (Cong. 1st Dist.) matapos madala at makulong sa The Hague ang dating Pangulo. Ang tanong ng bayan...

***Me werpa pa ba Dutertes sa Davao?***

********

*Sinimulan na nuong Mayo 13, isang araw matapos ang botohan, ang pagbebenta ng P20 per kilong bigas sa mga Kadiwa ng Pangulo center sa Metro Manila, ayon sa DA nitong Sabado, na inumpisahan nuon pang Mayo 1 sa Cebu, na...*

***Regalo ni PBBM sa selebrasyon ng 'Labor Day' sa Pinas.***

********

Ibebenta lang sana ito sa loob ng anim na buwan sa Visayas pero nagbago ng desisyon si PBBM at inutos sa DA na palawakin at pahabain ang programa hanggang sa 2028, na katuparan sa...

***Pangakong P20/kilo bigas ni PBBM nuong 2022 kampanya.***

********

Samantala, minaliit lamang ng Malacañang ang inihaing impeachment complaint sa Kamara de Representantes laban kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ni dating National Youth Commission (NYC) chairperson Ronald Cardema at misis nitong si Marie.

***Nganga ganting -aksiyon ng kampo ng Duterte.***

********

Mariing itinanggi ni VP Sara Duterte nuong Mayo 9, ang mga kasong inciting to sedition at grave threats na inihain laban sa kanya ng NBI ng personal na dumalo si Duterte sa preliminary investigation ng Department of Justice kasama ang kanyang abogado, ba kung saan isinumite niya ang counter-affidavit na nagsasabing walang ebidensiyang magpapakita ng pagkakasangkot niya rito. Ani pa VP Sara...

***"Baseless" ang mga kaso laban sa kanya.***

********

Nag-ugat ang mga kaso sa naging pahayag ni VP Sara noong Nobyembre 23, 2024 sa isang online press conference, kung saan sinabi niyang may inutusan na siyang tao na papatay kina Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., Unang Ginang Liza Marcos, at House Speaker Martin Romualdez sakaling siya ay mapatay. No joke. No joke, ani pa niya. Tapos, sasabihin niya na walang basehan at ebidensiya mga kaso nya, gayung...

***Napanuod sa buong mundo ang viral video ni VP Sara.***

********

Nagsumite na ang prosecutor ng International Criminal Court (ICC) ng ikalawang batch ng ebidensya na naglalaman ng 139 items laban kay dating pangulong Rodrigo Duterte na nahaharap sa kasong crimes against humanity dahil sa kanyang war on drug campaign.

***Parami ng parami ebidensiya kontra Tatay Digong nyo, mga DDS.***

********

Sinabi ni Atty. Gilbert Andres, ICC-acredited lawyer at isa sa abogado ng EJK victims, na ang mga ebidensya ay nagpapakita na mayroong opisyal na polisiya sa likod ng mga pagpatay na nauna na rin pinabulaanan ni Duterte. At sa opisyal na record ng gobyerno, lumalabas na mahigit sa 6,000 ang namatay sa drug war ni Duterte at karamihan dito ay pawang mga mahihirap na suspek na drug ¬users at ¬dealers, subalit sa pagtaya ng human rights group, ang bilang ay maaaring umabot pa sa mahigit 30,000.

***Dadalo si Duterte sa hearing sa Setyembre 23. Abangan.***

********


## *PAHABOL:*

***Happy Mother's Day Po sa lahat ng mga Nanay, Mama, Mommy, Mum, Single Mom/Parent, Mga Lola, lalo na sa aking Super kIND at Maunawaing Maybahay at Lola ng aming 4 na apo, my partner for Life Frances, ngayong May 11, 2025! MABUHAY KAYO! & God Bless You All!***


## *SHORT ORDER:*

***Happiest birthday (May 10) to a dear friend Dr. Christina Lacsina Gamo of Mississauga, ON...Happy 39th anniversary (May 10) to DSZR Sports Radio, QC, Philippines...Birthday wishes to Kabayan Toneng Pillarina (May 10)...Happiesst birthday to Kabayang Greg Cullado (May 9) of Jaen, NE, Phil...Birthday wishes to my kin Alihza Datol (May 8) of Talavera, NE, Phil...Birthday wishes to colleague Rodel Ramos (May 7) of Mississauga, ON...***

**God Bless.**




# Bibliya—Ano Ito?




***Ang Sagot** - Ang Bibliya ay may 66 na banal na aklat. Isinulat ito sa loob ng mga 1,600 taon. Galing sa Diyos ang laman ng Bibliya kaya tinatawag itong—"salita ng Diyos."—**1 Tesalonica 2:13***

## Mga impormasyon tungkol sa Bibliya

### • Sino ang sumulat ng Bibliya?

Ang Diyos ang Awtor ng Bibliya, pero gumamit siya ng mga 40 lalaki para isulat ito. Ang ilan sa kanila ay sina Moises, Haring David, Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. a Inilagay ng Diyos sa isip ng mga manunulat ang kaisipan niya para mairekord nila ang mensahe niya.—2 Timoteo 3:16.

• **Pag-isipan:** Kapag may ipinapagawang sulat ang isang negosyante sa secretary niya, at kahit nga ideya lang ng sulat ang sinabi niya, hindi ba ang negosyante pa rin ang awtor ng sulat na iyon? Kaya kahit ipinasulat ng Diyos sa mga tao ang mensahe niya, siya pa rin talaga ang **Awtor ng Bibliya.**

### • Ano ang ibig sabihin ng salitang "Bibliya"?

Galing ito sa salitang Griego na *biblia*, na nangangahulugang "maliliit na aklat." Sa paglipas ng panahon, ang salitang Griegong ito ay tumukoy sa pinagsama-samang maliliit na aklat na kilala sa ngayon na Bibliya o Banal na Kasulatan.

### • Kailan isinulat ang Bibliya?

Sinimulang isulat ang Bibliya noong 1513 B.C.E. at natapos ito makalipas ang mahigit 1,600 taon, noong mga 98 C.E.

### • Nasaan ang orihinal na Bibliya?

Sa ngayon, walang makikitang orihinal na mga kasulatan ng Bibliya. Kasi ang mga materyales noon na ginamit ng mga manunulat ng Bibliya ay madaling masira, gaya ng papiro at pergamino. Pero napakaingat na kinopya ng mga propesyonal na tagakopya ang mga kasulatan sa Bibliya sa loob ng daan-daang taon, kaya naingatan ang nilalaman ng mga ito para patuloy na mabasa ng mga tao.

### • Ano ang "Lumang Tipan" at ang "Bagong Tipan"?

Ang karaniwan nang tinatawag na Lumang Tipan ay ang bahagi ng Bibliya na pangunahin nang isinulat sa wikang Hebreo, at kilala rin bilang ang Hebreong Kasulatan. Ang "Bagong Tipan" naman ay tumutukoy sa bahagi ng Bibliya na isinulat sa wikang Griego, na kilala bilang Kristiyanong Griegong Kasulatan. Ang dalawang bahaging ito ang kumpletong aklat na tinatawag na Banal na Kasulatan.

### • Ano ang nilalaman ng Bibliya?

Naglalaman ito ng kasaysayan, mga batas, hula, tula, kawikaan, awit, at mga liham.—Tingnan ang " **Mga aklat ng Bibliya**."

### • Tungkol saan ang Bibliya?

Nagsisimula ang Bibliya sa paglalang ng Diyos sa langit at lupa. Sa pamamagitan ng Bibliya, sinabi niyang Jehova ang pangalan niya, at gusto niyang makilala siya ng mga tao.—Awit 83:18.

• Sinasabi ng Bibliya na siniraan ang Diyos, at ipinapakita nito kung paano niya lilinisin ang reputasyon niya.

• Ipinapakita ng Bibliya ang layunin ng Diyos para sa mga tao at sa lupa. Sinasabi nito kung paano aalisin ng Diyos sa hinaharap ang mga dahilan ng pagdurusa ng tao.

• May mga payo ang Bibliya na magagamit sa pang-araw-araw na buhay. Halimbawa:

### • Magandang kaugnayan sa iba.

"Lahat ng gusto ninyong gawin ng mga tao sa inyo, iyon din ang gawin ninyo sa kanila."—Mateo 7:12.

• ***Ibig sabihin:*** Dapat nating tratuhin ang iba kung paano natin gustong tratuhin nila tayo.

### • Pagharap sa stress.

"Huwag kayong mag-alala tungkol sa susunod na araw, dahil ang kasunod na araw ay magkakaroon ng sarili nitong mga álalahanín."—Mateo 6:34.

• ***Ibig sabihin:*** Imbes na masyadong mamroblema sa mga puwedeng mangyari sa hinaharap, magpokus lang sa mga kasalukuyang sitwasyon.

### • Masayang pagsasama ng mag-asawa.

"Mahalin ng bawat isa sa inyo ang kaniyang asawang babae gaya ng sarili niya; ang asawang babae naman ay dapat magkaroon ng matinding paggalang sa kaniyang asawang lalaki."—Efeso 5:33.

• ***Ibig sabihin:*** Napakahalaga ng pagmamahal at respeto para magtagumpay ang pagsasama ng mag-asawa.

### • Nagbago ba ang Bibliya?

Hindi. Maingat na ikinumpara ng mga iskolar ang mga sinaunang manuskrito ng Bibliya sa Bibliya ngayon, at nakita nilang hindi nabago ang orihinal na mensahe nito. Pag-isipan ito: Kung gusto ng Diyos na mabasa at maintindihan ang mensahe niya, hindi ba sisiguraduhin niyang hindi mababago ito? —Isaias 40:8.

### • Bakit napakaraming salin ng Bibliya?

Hindi naiintindihan ng marami sa ngayon ang mga wikang ginamit noon sa Bibliya. Pero may "mabuting balita" ang Bibliya para sa "bawat bansa at tribo at wika." (Apocalipsis 14:6) Kaya kailangan ng mga tao ang isang salin ng Bibliya sa wikang alam nila para mabasa at maintindihan nila ang mensahe ng Diyos.

• May tatlong paraan ng pagsasalin ng Bibliya:

***Ang salita-por-salitang pagsasalin*** ay pagsasalin nang literal hangga't posible.

***Ang pagsasalin ng ideya*** ay gumagamit ng mga salitang nagtatawid ng kahulugan ng teksto sa orihinal na wika.

***Ang paraphrase na pagsasalin*** ay malayang pagbago sa mga salita ng teksto, para masarap itong basahin. Pero kung minsan, dahil masyadong malaya ang ganitong pagsasalin, naiiba o nagiging malabo ang totoong kahulugan ng teksto.

Ang magandang salin ng Bibliya ay balanseng gumagamit ng literal na salin at makabagong wika na naiintindihan para maitawid nang tama ang mensahe ng Diyos sa mga tao.

### • Sino ang nagdesisyon kung ano ang dapat na kasama sa Bibliya?

Dahil ang Diyos ang Awtor ng Bibliya, siya ang nagdesisyon kung ano ang isasama dito. Una, pinili niya ang sinaunang bansang Israel at "ipinagkatiwala sa kanila ang salita ng Diyos," kaya sila ang naging tagapangalaga ng Hebreong Kasulatan.—Roma 3:2

### • Mayroon bang nawawalang mga aklat ng Bibliya?

Wala. Kumpleto ang Bibliya; walang "nawawalang" aklat. Sinasabi ng ilan na may mga sinaunang aklat na matagal nang nakatago at dapat na isama sa Bibliya. f Pero may sariling pamantayan ang Bibliya para masabi kung dapat bang isama ang isang aklat o hindi. (2 Timoteo 1:13) Ayon sa pamantayang iyan, ang mga aklat sa Bibliya na mula sa Diyos ay magkakasuwato o hindi nagkokontrahan. Hindi nakakaabot sa pamantayang iyan ang lahat ng sinaunang kasulatan na sinasabi ng ilan na kasama sa Bibliya. May ilang bahagi ng Bibliya na isinulat sa Aramaiko, isang wika na malapit sa Hebreo.

Mas gusto ng maraming mambabasa ng Bibliya ang mga terminong "**Hebreong Kasulata**n" at "**Kristiyanong Griegong Kasulatan**."

*Kasi kung "Lumang Tipan" ang terminong gagamitin, baka isipin ng iba na lipas na ito at na pinalitan ito ng "Bagong Tipan."*

## Mga aklat ng Bibliya

**Hebreong Kasulatan ("Lumang Tipan")**

**Kasaysayan at mga batas**

- Genesis
- Exodo
- Levitico
- Bilang
- Deuteronomio

**Kasaysayan ng bansang Israel**

- o Josue
- o Hukom
- o Ruth
- o 1 at 2 Samuel
- o 1 at 2 Hari
- o 1 at 2 Cronica
- o Ezra
- o Nehemias
- o Esther

**Tula**

- o Job
- o Mga Awit
- o Mga Kawikaan
- o Eclesiastes
- o Awit ni Solomon

**Hula**

- o Isaias
- o Jeremias
- o Panaghoy
- o Ezekiel
- o Daniel
- o Oseas
- o Joel
- o Amos
- o Obadias
- o Jonas
- o Mikas
- o Nahum
- o Habakuk
- o Zefanias
- o Hagai
- o Zacarias
- o Malakias

**Kristiyanong Griegong Kasulatan ("Bagong Tipan")**

- **Kasaysayan ng buhay at ministeryo ni Jesus (Ebanghelyo)**

- o Mateo
- o Marcos
- o Lucas
- o Juan

**Kasaysayan ng unang kongregasyong Kristiyano**

- o Gawa

**Liham sa Iba't ibang kongregasyong Kristiyano**

- o Roma
- o 1 at 2 Corinto
- o Galacia
- o Efeso
- o Filipos
- o Colosas
- o 1 at 2 Tesalonica

**Liham sa indibidwal ng mga Kristiyano**

- o 1 at 2 Timoteo
- o Tito
- o Filemon

**Liham sa mga Kristiyano**

- o Hebreo
- o Santiago
- o 1 at 2 Pedro
- o 1, 2, at 3 Juan
- o Judas

- **Hula**

- o Apocalipsis

Nag-aalok ang mga Saksi ni Jehova ng epektibong paraan para malaman mo ang itinuturo ng Bibliya. Makakatulong ito sa iyo na:

***• Maging masaya***
***• Maging kaibigan ng Diyos • Matutuhan ang mga pangako ng Bibliya***


## Paano ginagawa ang pag-aaral sa Bibliya?

Isang personal na tagapagturo ang tutulong sa iyo na pag-aralan ang Bibliya—isang paksa sa bawat pag-aaral. Gamit ang publikasyong Masayang Buhay Magpakailanman, unti-unti mong matututuhan ang mensahe ng Bibliya at kung paano ka matutulungan nito. Para sa higit pang impormasyon, panoorin ang videong ito o tingnan ang karaniwang mga tanong.

**Puwede bang subukan ko lang muna?**

Puwede. Una, sagutan ang online form. Pagkatapos, kapag kinontak ka na ng magtuturo sa iyo, sabihin sa kaniya na susubukan mo lang muna. Gagamitin niya ang brosyur na Masayang Buhay Magpakailanman. May tatlong aralin lang ito para masubukan mo kung mag-e-enjoy ka sa pag-aaral.

**Kung magpapa-Bible study ako, obligado ba akong**



**maging Saksi ni Jehova?**

Hindi. Gustong-gusto ng mga Saksi ni Jehova na turuan ang mga tao tungkol sa Bibliya, pero hindi namin sila pinipilit na maging Saksi. Itinuturo namin sa kanila kung ano ang sinasabi ng Bibliya, pero alam namin na karapatan ng mga tao na pumili kung ano ang papaniwalaan nila.—1 Pedro 3:15..

**Puwede ko bang gamitin ang sarili kong Bibliya?** Oo, puwede mong gamitin ang anumang salin ng Bibliya. Ginagamit namin ang Bagong Sanlibutang Salin ng Banal na Kasulatan dahil malinaw at tumpak ito, pero naiintindihan namin na gustong gamitin ng iba ang Bibliyang nakasanayan nila.

**Puwede ba akong magsama ng iba sa Bible study?**

Oo. Puwede mong isama ang buong pamilya mo o mga kaibigan mo.

**Kung na-Bible study na ako ng mga Saksi ni Jehova dati, puwede ba akong mag-study ulit?**

Oo. Baka nga mas ma-enjoy mo ang bagong paraan namin ng pag-aaral. Binago ito para maibagay sa pangangailangan ng mga tao ngayon. Mas marami na itong larawan at video kaysa sa dating paraan ng pag-aaral.

**May opsiyon ba na makapag-Bible study ako nang walang magtuturo sa akin?**

Oo. Kahit marami ang mas natututo kapag may nagtuturo sa kanila, may ilan pa rin na gustong mag-aral nang sila lang muna. Makikita sa aming webpage na Pantulong sa Pag-aaral ng Bibliya ang mga libreng reperensiya at pantulong na magagamit mo sa pag-aaral ng Bibliya. Ito ang ilan sa mga iyan:


• Turo ng Bibliya. Makikita sa mga artikulong ito ang mga prinsipyo sa Bibliya na magagamit sa araw-araw na buhay. Ang ilan dito ay "Kung Paano Mahaharap ang Stress,""Paano Ka Makakapag-adjust Kapag Nabawasan ang Iyong Kita?" at "Kung Paano Tuturuan ang Iyong Anak."



***Gayunma'y baka itatanong ng isa: 'Kung si Kristo ay nagbalik na upang maghari sa kaharian ng kaniyang Ama, bakit hindi natin siya nakikita?'***

## Kailangan natin ng karagdagang KAALAMAN.

Bisitahin ang **JW. org** *at humiling ng* ***LIBRENG PAG-AARAL NG BIBLIYA***



# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.




**Filipino Canadians** *(French: Canadiens Philippins; Filipino: Mga Pilipinong Kanadyense) are Canadians of Filipino descent. Filipino Canadians are the second largest subgroup of the overseas Filipinos, surpassed only by the United States, and one of the fastest-growing groups in Canada. Only a small population of Filipinos lived in Canada until the late 20th century. At the 2016 Canadian census, 851,410 people of Filipino descent lived in Canada, mostly in urban areas. The majority of Filipino Canadians being Tagalog. Filipino Canadians are the third-largest Asian Canadian group in the nation after the Indian and Chinese communities. They are also the largest group from Southeast Asia in the country. Between the 2011 and 2016 censuses, the Filipino community in Canada grew from 702,200 to 820,100, a growth of about 7%, compared to the rest of Canada, which grew by 5% during the same time period. By the 2021 census, Filipino Canadians enumerated* ***957,355****, or 2.58% of the total population, further displaying the community's rapid growth. According to the 2021 Census, there are approximately .96 million Filipinos living in Canada, making them one of the largest immigrant groups in the country. The Census has many reasons why Canada is among the top choice for* ***Filipino immigrants****.*

**ADVERTISE TO TALIBA NEWS...IT WORKS! • talibaFlipzMedia.com • 416-989-7336 / 647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com**

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT* ***www.talibaflipzmedia.com*** *or CALL ROLLY :* ***647-287-1870***